Abril 5, 2023


# Water System ng Munisipyo ng San José Update sa Mga Rate ng Maiinom na/Inuming Tubig

## *Mga Madalas Itanong*

**Ano ang kasama sa singil sa kantidad?**
Kasama sa bawat singil sa kantidad ang ilang halagang nalalapat sa lahat ng mga kostumer saanman ang pinagseserbisyuhang lugar, tulad ng mga halaga para sa operasyon ng sistema ng distribusyon, mga pasilidad para sa paghahatid at distribusyon, pagpapabuti sa puhunan, at pag-pump ng tubig na nagbibigay ng benepisyo sa lahat ng mga kostumer. Kasama rin sa bawat singil sa kantidad ang halaga ng tubig na binibili ng Lungsod mula sa iba't ibang supplier ng pakyawang (wholesale) tubig para makapaglaan sa mga kostumer.

**Bakit nagbabago ang aking mga rate?**
Tinutukoy ng abisong ito ang pinakamataas na potensiyal na mga pagbabago sa rate ng tubig batay sa nalalamang impormasyon sa kasalukuyan. Itinatakda sa partikular na antas ang mga rate at singil sa tubig upang makaipon ng sapat na kita upang matugunan ang mga tumataas na gastusin sa pagpapatakbo at pagpapanatili ng sistemang ito, pagiging handa para sa emerdyensya, at ang inaasahang pagtaas ng presyo ng tubig na nakukuha nang pakyawan.

**Saan napupunta ang aking dolyar*?**
Karamihan sa pera ng nagbabayad ng singil ay napupunta sa pagbili ng mataas na kalidad na inuming tubig mula sa Valley Water at sa San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC). Ang Valley Water at ang SFPUC ay nagtataas ng kanilang presyo. Ang mga gastos ng Valley Water ay nadadagdagan dahil sa tumataas na gastusin sa proyekto at pang-emerdyensyang pagbili ng tubig kauugnay sa suplay ng tubig. Gayunpaman, ang tubig ng San José Municipal Water System (SJMWS) ay nagkakahalaga lamang ng isang sentimo bawat galon para sa mga kostumer sa tirahan.




- **Bultuhang Pagbili ng Tubig** (Maiinom na tubig na binili mula sa Valley Water at SFPUC)
- **Mga Gastos sa Operasyon** (Pamamahala; pagpapatakbo at pagpapanatili ng sistema ng tubig at kagamitan; arawang pagsubaybay at pagsusuri sa kalidad ng inuming tubig)
- **Mga Pagpapahusay ng Sistema** (Regular na pag-buti sa mahahalagang tubo, tangke at iba pang kagamitan)
- **Mga Gastos sa Enerhiya** (Elektrisidad, gas at solar power upang patakbuhin ang sistema ng tubig)

*Grapikong pagpapakita ng humigit-kumulang na mga gastos; sumangguni sa mga dokumento sa badyet ng Lungsod para sa aktuwal at inaasahang mga gastos at paggasta.

**Paano naiiba ang mga rate ng San José sa ibang mga retailer (nagtitingi) ng tubig?**
Ang San José Municipal Water System (SJMWS) ay makasaysayang nakapagbigay ng tubig sa ilan sa mga pinakamababang rate sa Santa Clara County. Sa kabila ng inaasahang pagtaas, patuloy pa ring magiging mas mababa ang mga rate ng tubig kumpara sa ibang mga retailer ng tubig. Maglalagay ng pagkukumpara ng mga rate ng mga lokal na retailer ng tubig sa memo ng Konseho ng Lungsod para sa pagpupulong sa Hunyo 6. Makikita ang memo sa agenda ng Konseho ng Lungsod sa Hunyo 6 sa website ng Lungsod bago ang pagpupulong ng Konseho ng Lungsod.

**Bakit may magkakaibang singil sa kantidad para sa magkakaibang pinagseserbisyuhang lugar?**
Binibigyan ng supply ng tubig ang magkakaibang pinagseserbisyuhang lugar mula sa magkakaibang supply ng tubig na nakukuha nang pakyawan, na nagkakaiba-iba sa halaga depende sa nagbebenta nang pakyawan. Ang mga halaga ng tubig na ito na nakukuha nang pakyawan ay ipinapasa sa mga kostumer sa pinagseserbisyuhang lugar na nakakatanggap ng tubig na iyon. Ang tatlong pinagseserbisyuhang lugar ay hindi konektado sa isa't isa, kaya hindi maibabahagi ang mga supply.

- **Nakakatanggap ang mga kostumer sa North San José/Alviso** ng tubig na sinusuplay ng sistema ng Hetch Hecthy ng San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC). Halos nakumpleto na ang SFPUC ang $4.8 bilyon, programa sa puhunan para sa maraming taon para pahusayin ang mga panrehiyon at lokal na water system nito, na gagawing mas ligtas at mas matatag laban sa lindol ang sistema ng suplay. Makikita ang higit pang impormasyon sa mga operasyon ng SFPUC online sa www.sfwater.org.
- Nakakatanggap ang mga kostumer ng **Evergreen/Edenvale** ng ginamot na tubig at tubig galing sa ilalim ng lupa ng Valley Water. Ang Valley Water ay may malawakang programa sa puhunan para pahusayin ang nalulumang imprastraktura nito, katulad ng ginawa ng SFPUC kamakailan. Nakatakdang tumaas ang mga pakyawang rate ng Valley Water sa susunod na 10 taon para bayaran ang pagpapahusay na ito.
- Ang **Coyote Valley** ay binibigyan ng suplay sa pamamagitan ng tubig mula sa ilalim ng lupa na na-pump mula sa timog na county. Ang tubig sa ilalim ng lupa na na-pump mula sa timog na county ay mas mura kumpara sa tubig sa ilalim ng lupa na na-pump mula sa hilagang county at magagamit lamang ito sa pinagseserbisyuhang lugar na iyon dahil hindi konektado ang mga pinagseserbisyuhang lugar.

**Ano ang kasama sa singil sa metro?**
Sinisingil ang mga singil sa metro para mabawi ang mga fixed na halagang nauugnay sa pagpapatakbo ng utilidad ng tubig, at kasama rito ang batayang singil kada account at singil batay sa laki ng metro. Kasama sa mga batayang singil na nalalapat sa bawat account ang mga halagang nauugnay sa serbisyo sa kostumer, pagsingil, pagbasa at pag-aayos ng metro, at pag-aayos ng pasilidad ng sistema ng distribusyon.

**Bakit bumibili ang Lungsod ng tubig na nakukuha nang pakyawan mula sa San Francisco kung mas mahal ito?**
Ang tubig ng San Francisco Publuic Utilities Commission (SFPUC) ay may napakahusay na kalidad, at ito ngayon ay mas ligtas at mas matatag mula sa lindol dahil tinatapos na lamang nila ang konstruksiyon sa isang programa sa puhunan para sa maraming taon na nagkakahalaga ng $4.8 bilyon para pahusayin ang kanilang sistema. Nagbibigay ang Valley Water ng ginamot na tubig sa iba pang lugar ng San José at sa county, at sinisimulan na nitong ipatupad ang malawakang programa sa puhunan para pahusayin ang kanilang nalulumang imprastruktura. Sa paglipas ng panahon, inaasahang liliit ang pagkakaiba sa pagitan ng mga pakyawang rate ng Valley Water at SFPUC, kaya magiging magkatulad o posibleng maging pareho ang mga rate para sa mga lugar sa North San José/Alviso at Evergreen/Edenvale. Sa kabila ng mga nagbabagong rate, ang average na singil para sa mga kostumer ng North San José/Alviso ay kabilang sa pinakamababang rate kumpara sa ibang mga lungsod sa Bay Area na may mga kostumer na nakakatanggap din ng tubig mula sa SFPUC.

**May mas murang tubig ba na magagamit sa North San José/Alviso?**
Ang tanging ibang potensiyal na mga supply ng naiinom na tubig na nakukuha nang pakyawan ay ang ginamot na tubig at tubig sa ilalim ng lupa ng Valley Water. Kasalukuyang hindi available ang ginamot na tubig dahil ang pinakamalapit na tubo ng supply ng ginamot na tubig ng Valley Water sa North San José/Alviso ay nasa Milpitas, na ilang milya ang layo mula sa timog silangang hangganan ng lugar ng North San José. May available na tubig na mula sa ilalim ng lupa sa lugar ng North San José/Alviso, ngunit kasalukuyang limitado lamang ang paggamit nito at ginagamit lamang ito bilang backup na supply.

**Paano gumagana ang proseso ng pag-abiso sa rate?**
Inaatas ng Proposisyon 218 na magbigay ng 45 araw na abiso bago maaaring itaas ng Konseho ng Lungsod ang mga rate. Ipinadala ng Lungsod ang abisong ito nang hindi bababa sa 45 araw bago ang nakatakdang pampublikong pagdinig sa pagpupulong ng Konseho ng Lungsod sa Hunyo 6, 2023 na magsisimula nang 1:30 p.m.

**Paano ako magsusumite ng pagtutol sa rate?**
Isumite ang mga nakasulat na pagtutol sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod (Office of the City Clerk) sa anyo na sulat, fax, o email bago ang pagsasara ng pampublikong pagdinig sa Hunyo 6, 2023 Dapat mong ilagay ang pinagseserbisyuhang address ng (mga) ari-ariang pag-aari mo o nakakatanggap ng serbisyo na napapailalim sa pinanukalang pagbabago ng rate. Kung mayroong pagtutol ng mayorya, hindi ipapatupad ang pagtaas.

Ipadala o i-email ang iyong mga nakasulat na pagtutol sa:

**City of San José – Office of the City Clerk**
**200 E. Santa Clara St., Tower 14th Floor**
**San José, CA 95113-1905**
**WaterRateProtest@sanjoseca.gov**

Magsisimula ang Pagpupulong ng Konseho nang 1:30 p.m. sa City Council Chambers sa City Hall sa 200 East Santa Clara Street, San José. Napapanahong impormasyon sa mga pagdinig ay ipapaskil online sa Agenda ng Konseho ng Lungsod para sa pagpulong. Ang mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod ay hybrid at maaaring dumalo nang virtual o nang personal. Para sa karagdagang impormasyon sa paglahok sa isang pulong ng Konseho ng Lungsod, pumunta sa sumusunod na URL: www.SanJoseCA.gov/CivicCenterTV.

**Paano ko makukuha ang impormasyong ito sa iba pang mga pormat at mga lenggwahe?**
Ang impormasyong ito ay makukuha sa wikang Espanyol, Vietnamese, Tagalog, Chinese at Korean sa pamamagitan ng pag-click sa mga naaangkop na link sa SanJoseCA.gov/RateNotices, o sa mga alternatibong pormat gaya ng braille, malaking print, audiotape, o flash drive sa pamamagitan ng pagtawag sa (408) 535-3500 (boses) o (800) 735-2929 (California Relay System).